

Republic of the Philippines
City of Mandaluyong
**Office of the Mayor**

# MENSAHE

Nag uumapaw ang aking kagalakan sa matagumpay na pagtatapos ng ating mga kabataan sa elementarya sa Taunang Pampaaralan 2013-2014 sa kabila ng pinakamalaking pagsubok na sumukat sa katatagan ng bawat Pilipino sa panahon ng unos at krisis. Tunay ngang "Hindi Natitinag ang Pusong Pilipino," harangan man ng malalaking alon at balakid ng kahirapan at suliraning panlipunan.

Ang inyong tagumpay sa laban natin sa buhay ay isang matamis na karangalan para sa bawat magulang, bayaning guro at higit sa lahat, para sa patuloy na pag-unlad ng Lungsod Ng Mandaluyong. Nakakataba ng puso na sa kabila ng mga pagsubok, ang ating mga kabataan at mamamayan sa Mandaluyong ay kaisa ng ating mga kababayan sa kabisayaan upang muling itayo at ipagpatuloy ang buhay na minsan ay tinangkang buwagin ng lupit ng kalikasan.

Ang kalidad na edukasyon na ibinibigay ng bawat paaralan sa lungsod ay sinasalamin sa kagalingan ng bawat mag-aaral at ito ay nasusukat sa galing at husay sa ibat ibang kompetisyon at pagsusulit. Kaya naman nanatiling isa sa mga nangunguna ang Lungsod Ng Mandaluyong sa taunang Achievement Test na ibinibigay ng Kagawaran ng Edukasyon sa buong bansa.

Saksi ang bantayog ng bawat paaralan sa kagalingan ng batang Mandaleño. Pasaporte ito upang makamit ang kaunlarang pantao at maabot ang tagumpay sa pagpapabuti ng buhay ng bawat indibidwal. Edukasyon pa rin ang susi sa pag ahon sa kahirapan habang ipinagtitibay ang hindi natitinag na puso ng bawat Pilipino ngayon at kailanman.

Ang pagkamit ng maginhawang buhay ay mananatiling panaginip kung ito ay hindi pagsusumikapan at paglalaanan ng panahon. Magsisimula ito sa pagbuo ng konsepto ng kaunlaran na padidingasin ng edukasyon. Paulit ulit kong sasambitin na ang mga taong umuunlad at nagtatagumpay sa buhay ay yaong determinado at naniniwalang posible ang lahat sa pamamagitan ng "Gawa at Hindi Puro Salita."

Kaisa ninyo ako sa patuloy na pagpupugay sa bawat guro at magulang na tangan ang responsibilad na ibahagi ang kanilang buhay sa paghahasa ng mga murang kaisipan ng ating kabataan. Paghanga at pagkilala sa hindi matitinag na puso ng bawat mag-aaral sa Lungsod Ng Mandaluyong !

Kaisa Ninyo Sa Tagumpay,

BENJAMIN C. ABALOS, JR.
Punonglungsod